**Social Media Disclaimer para sa Inland Regional Center**

Hinihikayat ng Inland Regional Center (IRC) ang bukas at magalang na dayalogo, at nakatuon ito sa pagpapalaganap ng positibo at mapagsuportang online community. Para matiyak ang ligtas at maayos na lugar para sa lahat, mangyaring unawain ang mga sumusunod na panuntunan:

1. **Magalang na Interaksyon:** Pinakikiusapan namin ang lahat ng bumibisita sa aming mga social media page na makipag-ugnayan sa magalang at maunawaing dayalogo. Pakiiwasan ang paggamit ng mga salitang nakakabastos, nakakadiskrimina, o nakakasakit sa iba.
2. **Pagkapribado at Pagiging Kumpidensyal:** Huwag mag-share ng mga personal, sensitibo, o pantukoy na impormasyon tungkol sa iyong sarili, sa mga kliyente ng IRC, o iba pa sa mga komento o post. Mahalagang mabigyan ng proteksyon ang pagkapribado at dignidad ng mga indibidwal at pamilyang pinagsisilbihan namin.
3. **Nauugnay at Maayos na Kontribusyon:** Hinihiling namin na ang iyong mga komento at post ay mapanatiling naaayon sa paksa at direktang may kaugnayan sa pinag-uusapang content. Hinihikayat naming magkaroon ng nakakatulong na feedback at makabuluhang pag-uusap na magdadagdag ng kahalagahan sa talakayan. Maaari naming tanggalin o itago ang mga komentong hindi naaayon sa paksa, hindi nakakatulong, o nakakabawas sa layunin ng post.
4. **Ipinagbabawal na Content:** May karapatan ang IRC na tanggalin ang anumang post o komento na:

- Lumalabag sa pagkapribado at pagiging kumpidensyal ng vendor, IRC staff, mga kaanak, o mga Kliyente ng IRC.
- Mayroong wika o imaheng nakakabastos, racist, sexist, nakakadiskrimina, o hindi naaangkop.
- Mayroong maling impormasyon o maling akusasyon.
- Nang-eengganyo ng harassment, bullying, o personal na atake.
- Nagtataguyod ng hindi awtorisadong komersyal na aktibidad or spam.
- Nanghihikayat ng pagsuporta sa mga politikal na kandidato, partido, o iba pang hindi nauugnay na organisasyon.
- Lumilihis sa paksa ng usapin o maituturing na nanggugulo.

5. **Pamamahala:** Binabantayan ang aming mga social media platform araw-araw, at maaaring tanggalin ng IRC staff ang anumang content na lumalabag sa mga panuntunan nang walang abiso. Ang mga paulit-ulit na paglabag ay maaaring magresulta sa pagkaka-block sa mga susunod na paglahok sa aming mga social media page.

6. **Legal na Disclaimer:** Ang mga ibinabahaging content sa mga social media platform ng IRC, kabilang ang mga komento at post mula sa publiko, ay hindi tiyak na sumasalamin sa mga pananaw at opinyon ng Inland Regional Center. Hindi namin itinataguyod ang anumang opinyong ipinapahayag ng iba sa aming mga social media platform.
7. **Pag-uulat ng mga Isyu:** Kung may makita kang content sa tingin mo ay lumalabag sa mga panuntunang ito, mangyaring iulat agad sa amin sa community@inlandrc.org para sa kaukulang aksyon.
8. **Mga Tuntunin at Kondisyon:** Sa paglahok sa aming mga social media platform, sumasang-ayon ka na sundin ang disclaimer na ito at ang patakaran sa social media ng IRC. May karapatan kaming i-update ang anumang panuntunan kung kinakailangan.

Salamat sa pakikibahagi sa IRC community. Pinahahalagahan namin ang iyong pang-unawa at kooperasyon para mapanatiling magalang at positibo ang lugar na ito para sa lahat.